# REGULASYON SA PAGSISIGA (OPEN BURNING)

## ANO ANG PAGSISIGA?

**Ang Pagsisiga (Open Burning) ay isang pamamaraan ng pagtatapon o pagsunog ng anumang materyal na bagay sa labas ng kalikasan. *Sa Bay Area, ilang partikular na anyo lamang ang pinahihintulutan o legal na sunugin or sindihan.***

Ang pagsisiga ay napatunayan na nag po produce ng daan-daang toneladang polusyon sa hangin kada taon sa Bay Area. Dahil dito, pinahihintulutan lamang ang mamamayan na magsiga or magsunog sa ilang partikular na araw lamang. Ang mga Araw ng Pagsisiga na ito ay inaanunsyo kapag natukoy ng Air District na maayos ang takbo ng panahon upang maiwasan ang mapapanganib na kundisyong maaaring idulot ng usok para sa publiko.

## REGULASYON SA PAGSISIGA

Ipinagbabawal ng **Regulasyon 5** ng Air District ang Pagsisiga sa buong Bay Area maliban sa labing pitong (17) uri ng pagsusunog na pinapahintulutan sa mga nakatalagang Araw ng *Pagsunog* sa paunang itinakdang panahon ng pagsunog, ayon sa ipinapakita sa Kalendaryo ng Pagsisiga.

Kadalasan ang Pagsisiga ay para sa agrikultura, at ito ang tradisyonal na paraan sa pag-aalis ng hindi kailangang materyal na nagmumula sa pagpapatubo at pag-ani ng mga pananim. Nakakatulong din sa mga magsasaka ang pagsisiga para mapalis ang masasamang damo, pagkontrol sa mga peste, at pag-iwas sa mga sakit.

Sa ilalim ng **Regulasyon 5,** maaari lang magsagawa ng pang-agrikulturang pagsunog sa mga sakahang pinapatakbo para sa komersyo. Ang mga materyal lang na pinatubo sa lugar na iyon ang maaaring sunugin, at hindi maaaring magsama ng mga lalagyan ng pakain o pataba, pinakintab na kahoy, produktong gawa sa plastik o goma, balahibo o balat ng hayop, pinagkatayan o dumi ng hayop, o tira-tira sa pagproseso ng produktong gawa sa halaman o hayop.

May ilang iba pang uri ng pagsusunog na legal sa Bay Area, gaya ng pagsusunog para sa pamamahala ng likas na yaman (natural resources), paglilinis ng mga labi ng nasira sa baha, at pag iwas sa maaaring hindi inaasahang sunog.

## PRESCRIBED BURNING AT PAMAMAHALA NG PAGSUNOG SA KABUKIRAN

Ang Air District ay bumuo ng "Smoke Management Program" para sa Pamamahala sa Usok para sa Nakatakdang Pagsunog (Prescribed Burning) bilang tugon sa mga pagbabago sa Mga Alituntunin ng State Agricultural Burning Guidelines Title 17 of the California Code of Regulations sa ilalim ng na isina batas ng California Air Resources Board.

Ang Prescribed Burning ay ang pagsunog ng mga halaman sa mga piling bahagi ng lupain para sa pamamahala ng natural resources, at dapat isagawa ito ng State o Federal Agency, o sa pamamagitan ng kooperativang kasunduan o pakikipagkontrata sa gayong ahensya. Ang ganitong Pagsunog ay hindi maaaring isagawa ng walang Smoke Management Plan na inaprubahan ng Air District at nagbabalangkas sa mga katanggap-tanggap na kundisyon sa lagay ng panahon, kahalumigmigan, at gatong.

Ang yaring "Smoke Management Plans" ay nararapat na i-submit sa Air District bago gawin ang nakaplanong pagsunog. At bago isagawa ang anumang pagsusunog, nararapat lamang na makatanggap muna ng Acreage Burning Allocation mula sa Air District bago simulan ang anumang pagsusunog.

Isa sa Kontrolado ng Air District ang mga aktibidad ng prescribed burning para sa Wildland Vegetation Management fires (tingnan ang seksyon 401.15 at 408 ng **Regulasyon 5**). Bukod pa rito, idinagdag na rin ang mga sumusunod na uri ng pagsusunog sa programang ito. Ang mga sunog na ito ay sumasailalim na rin sa regulasyon ng Wildland Vegetation Management fires kapag ito ay inaasahang lalampas sa sampung ektarya (10 acre), o kung magsusunog ng inipong halamanan mula sa mahigit sampung ektarya ng lupain:

- Forest Management Fires
- Range Management Fires
- Pagsisiga ng mga mapapanganib na materyal na hindi nauugnay sa seksyon 4291 ng Public Resources Code
- Crop replacement fires upang magtaguyod ng pang-agrikulturang pananim sa lupaing hindi pa nataniman

Ang pagsisiga para sa pamamahala ng kabukiran para sa ikabubuti ng tirahan ng mga hayop ay itinakda (Regulasyon 5, seksyon 401.13 at 410), at kinakailangang ng Aprubadong Smoke Management Plan at daily acreage burning allocation mula sa Air District.

## BURN DAYS

Dine-designate ng Air District ang araw kung kailan pwedeng magsiga (Burn Day) o hindi pwedeng magsiga (No Burn Day), batay sa meteorological criteria na sinusunod ng California Air Resources Board." Kabilang sa criteria ay ang inaasahang bilis ng ihip ng hangin sa umaga, temperature at pagiging stable ng atmosphere." Idedeklara lamang na pwedeng magsiga (Burn Day) kung ang mabuting lagay ng panahon ay makakatulong para maliit lang ang epekto ng pagsisiga sa polusyon.

Merong mga klase ng pagsisiga na pinapayagan sa buong taon. Yung ibang klase naman ng pagsisiga ay magagawa lang during particular months at dapat na may permiso ng kinauukulang public official. Sa ibang sitwasyon, ang karagdagang burn permit ay maaaring kailanganin mula sa mga ordinansa ng local fire agency.

Ayon sa California laws, ang sino man na lumabag sa mga regulasyon ng Air District tungkol sa pagsisiga ay maaring multahan ng hanggang $10,000 bawat araw.

**I-report ang mga ilegal na pagsisiga sa:**
**1 800 334-ODOR (6367)**

**Mga tanong tungkol sa Burn Status:**
**1 800 HELP AIR o (1-800-435-7247)**

BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

## ABISO

**Iniaatas ng Regulasyon 5** na abisuhan ng karamihan sa mga nagsusunog ang Air District at magbayad ang mga ito bago magsagawa ng bukas na pagsunog. Makikita sa **Regulasyon 5** ang mga detalye: **www.baaqmd.gov.**

**Notification Forms Para Sa Open Burning:**
**www.baaqmd.gov/forms/compliance-forms**

## KALENDARYO NG OPEN BURNING

| SEKSYON NG REGULASYON 5 | PINAPAHINTULUTANG URI NG PAGSUSUNOG | PAUNAWA NG DISTRITO NG HANGIN | PAMPUBLIKONG AWTORIDAD | MGA PANAHONG PINAPAHINTULUTAN ANG PAGSUNOG | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | ENE | PEB | MAR | ABR | MAY | HUN | HUL | AGO | SET | OKT | NOB | DIS |
| 401.1 | Pag-iwas sa Sakit at Peste [1] | KINAKAILANGAN | Tagapangasiwa ng Agrikultura | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ |
| 401.2 | Pagpapalit ng Pananim [2] | KINAKAILANGAN | Opisyal para sa Sunog | ■ | ■ | ■ | ■ | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ■ | ■ | ■ |
| 401.3 | Mga Pagtabas ng Namumungang Puno [2] | KINAKAILANGAN | Opisyal para sa Sunog | ■ | ■ | ■ | ■ | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ■ | ■ |
| 401.4 | Pinagputulan ng Double Cropping | KINAKAILANGAN | Opisyal para sa Sunog | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ■ | ■ | ■ | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ |
| 401.5 | Pinagputulan at Dayami [5] | – | Opisyal para sa Sunog | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ■ | ■ | ■ | ■ |
| 401.6 | Mapapanganib na Materyal [1] | KINAKAILANGAN | Opisyal para sa Sunog | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ |
| 401.7 | Pagsasanay para sa Sunog [3] | KINAKAILANGAN | Pampublikong Opisyal | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ |
| 401.8 | Mga Materyales na Nasira sa Baha | KINAKAILANGAN | Opisyal para sa Sunog | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ■ | ■ | ■ |
| 401.9 | Mga Hukay para sa Irigasyon | KINAKAILANGAN | Opisyal para sa Sunog | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ |
| 401.10 | Pagkontrol ng Baha [1] | KINAKAILANGAN | Pagkontrol sa Pampublikong Pagbaha | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ |
| 401.11 | Pamamahala ng Rangeland | KINAKAILANGAN | State Forester ng Opisyal para sa Sunog | ■ | ■ | ■ | ■ | ✖ | ✖ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ |
| 401.12 | Pamamahala ng Kagubatan | KINAKAILANGAN | Opisyal para sa Sunog | ■ | ■ | ■ | ■ | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ■ | ■ |
| 401.13 | Pamamahala ng Latian [4,5] | KINAKAILANGAN | Isda at Game ng Estado | ✖ | ✖ | ■ | ■ Hang-gang sa Ika-15 / ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ✖ | ■ | ■ Hang-gang sa Ika-15 / ✖ | ✖ | ✖ |
| 401.14 | Ipinagbabawal na Kalakal | KINAKAILANGAN | Opisyal para sa Sunog o Opisyal para sa Kapayapaan | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ |
| 401.I5 | Pamamahala ng Mga Halaman sa Wildland [4,5] | – | Opisyal ng Estado o Pederal na Opisyal para sa Sunog | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ |
| 401.16 | Paggawa ng Pelikula [4] | KINAKAILANGAN | Opisyal para sa Sunog | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ |
| 401.17 | Pampublikong Eksibisyon [4] | KINAKAILANGAN | Opisyal para sa Sunog | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ |

[1] Maaaring gamitin ang Seksyon 5-404, Mga Waiver para sa Emergency.
[2] Maaaring i-postpone ng Air District ang panahon ng pagsunog hanggang June 30.
[3] Pinapahintulutan ang isang araw ng pagsisiga kada quarter sa Araw na “No Burn Day” para sa fire training ng mga boluntaryo o seasonal firefighters basta lamang ang Air District ay naabisuhan ng dalawang linggo bago ito mangyari.
[4] Kinakailangan lamang ng paunang apruba ng Air District.
[5] Kinakailangan ng paunang acreage allocation mula sa Air District.

■ = Pinapahintulutan ang Open Burning
✖ = Hindi Pinapahintulutan ang Open Burning



## TUNGKOL SA AIR DISTRICT

Ang Bay Area Air Quality Management District ang regional agency na responsable sa pagprotekta sa air quality sa siyam-na-county ng Bay Area, kabilang ang mga county ng Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, southwestern Solano, at southern Sonoma.




## MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:

**24-hours Burn Status Recording**
(800) 792-0787

**Kung May Tanong kayo tungkol sa Open Burning**
(415) 749-4600

**Para mag request ng Acreage Burning Allocation**
(415) 749-4600

**Forecasting ng Marsh and Prescribed Burn Day**
(415) 749-4915

**Kumonekta sa amin:**
**www.baaqmd.gov**

BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT